

1

“Wala na akong pakialam kung maalis pa ang sumpa o hindi.” Ang sinasabing sumpa sa pamilya nila na yata ang huling bagay na gustong pag-usapan ni Fernando Borromeo sa hapag-kainan. Pero nang makita ng binata ang ekspresyon sa mukha ni Nana Dora, ngumiti na lamang siya.

Si Nana Dora na ang nag-alaga sa kanya mula nang ipanganak siya. At kahit na ang opisyal na trabaho roon ng matanda ay tagapangalaga ng bahay, mula nang mamatay ang kanyang ama ay ito na ang pinakamalapit na pamilyang maituturing niya. Sa katagalan ay natutunan na rin nilang pakibagayan ang kakaibang ugali ng isa’t isa.

“Walang pakialam?” ulit ni Nana Dora habang nilalapag ang nilutong ginataang pla-pla sa harap ni Fernan. “Ayaw mo bang magkaroon ng pamilya?”

“Wala na akong ibang mas ninanais pa. Pero medyo tagilid yata ang mga desisyon ko pagdating sa babae.”

“Kung ang tinutukoy mo ay si Maelissa, hindi talaga siya nababagay sa ’yo. Laking siyudad ’yon

at malamang na hindi mo puwedeng itali sa buhay probinsya. Mabuti nga at nagkabistuhan bago pa kayo maikasal. Sinabi ko na 'yon sa 'yo, di ba?"

"Oo, maraming beses na." Sa kagustuhang ibahin ang usapan, ibinaling niya ang atensyon sa pagkain.

Pero hindi basta-basta maililigaw si Nana Dora. "Dapat kang makinig sa akin at gawin mo kung ano ang sinasabi ko sa susunod."

"Ayoko nang subukan ulit," diin niya.

"Pero kailangan mong magkaroon ng anak. Ikaw na ang huling Borromeo. Hindi ka dapat sumuko sa paghahanap ng mapapangasawa." Namaywang pa ito. "Kung hindi, mapipilitan akong makialam."

Iniisip pa lang ni Fernan kung anong klaseng tulong ang maaaring maibigay nito ay naibaba na niya ang hawak na kubyertos. "Naging mabuti ang pag-aalaga n'yo sa akin at para na ring ina ang turing ko sa inyo, pero may hangganan kung saan kayo puwedeng makialam sa personal na buhay ko."

"Kailangan mo nang magseryoso. Kailangan mo nang mag-asawa at kailangang magbuntis ang mapapangasawa mo bago ang susunod mong kaarawan dahil kung hindi, wala! Wala nang magtutuloy ng angkan n'yo."

Nagkaroon siya ng munting interes sa usapan. “Ngayon ko lang narinig na may age limit na pala ang sumpang ’yon.”

“Napag-aralan ko nang mabuti ’yon,” sagot nito. “Mula nang isumpa kayo ni Julio Marciano, wala nang lalaking Borromeo ang nagkaanak matapos ang kanilang ika-tatlumpong kaarawan. Malapit nang maubos ang oras mo.”

Bumuntong-hininga lamang siya. “Ilang beses ko bang sasabihin sa inyo na hindi ako naniniwala sa sumpa? At kung pag-aanak din lang naman ang pag-uusapan, may medikal na batayan ang pagkalalaki ko at walang sumpa ang makakaalis n’on.”

Maraming taon nang nababahala ang matandang babae sa maaaring mangyari sa pamilya Borromeo. Pati tuloy siya ay naapektuhan na rin nito. Nagpa-fertility test siya para lamang mawala ang mga pagdududang nasa isip na rin yata niya.

“Doktor!” ismid nito. “Ano ba’ng alam ng mga ’yan? Pero ’wag kang mag-alala, Señor. Alam ko na kung paano maaalis ang sumpa at habang-buhay na mahinto na ito.”

“Alam ko na ’yon. Pero gaya ng nasabi ko, wala akong pakialam. Hindi ako naniniwala sa mga bagay

na 'yan."

"Oo na," sagot nito. "Pero makikinig ka pa rin sa sasabihin ko."

"Hindi. Sumakay na 'ko sa paglalagay ng balahibo ng manok sa ilalim ng unan ko at may mga kung anong bagay na rin ang nakasabit sa pintuan ng kuwarto ko. Tama na 'yon."

"Pero wala naman na akong ibang hinihingi kundi ang makinig ka sa sasabihin ko, Señor," nakasimangot na sabi nito. "Hindi mo ba magagawa 'yon para sa matandang nagmamahal sa 'yo?"

"Okay, makikinig ako. Pero hindi ako sasali sa mga hocus-pocus n'yo."

Nagliwanag ang mukha nito. "Gaya ng sabi ko sa 'yo, marami na akong nakausap na albularyo at alam ko na kung ano ang kailangang gawin. Gagawa lang ako ng isa pang sumpa na tatapos sa sumpa."

"Mabuti naman, Nana Dora." Wala na siyang magawa para matigil ang diskusyon, sasakyan na lang niya ang matanda. At dahil gutom na rin siya, nilantakan na lang niya ang pagkaing nakahain.

"At malapit ka na ring ikasal."

"Talaga?" Itinaas niya ang kanyang mga kilay.

“Kung gan’un, kailangan mo na sigurong plantsahin’yung pinakamagandang barong ko.”

“Sige, tawanan mo ako. Pero ako pa rin ang hahalakhak kapag ikinakasal ka na.”

“Ano’ng binabalak mong gawin?” puno ng suspetsang tanong niya. Kahit na hindi siya naniniwala sa kulam, malaki pa rin ang respeto nito sa nakaugalian na at may hinala siya sa maaaring intensyon ni Nana Dora.

“Wag kang mag-alala, mahal ko. Ni hindi mo mapapansin na nandiyan na pala.”

Hindi niya gusto ang tono nito. “Okay. Sabihin mo kung ano ang sagot sa sumpa.”

“Simple lang. Ang kailangan mo lang gawin ay magpakasal sa isang Marciano.”

Natawa si Fernan at muntik na siyang mabilaukan sa kinakain niya. Ang mga Marciano at ang mga Borromeo ay matagal nang panahon na may alitan. Ni halos hindi nga nag-uusap ang dalawang pamilya, magpakasal pa kaya.

“Yun lang ba?” sarkastikong sambit niya. “Akala ko, kailangan kong kumain ng buhay na manok.”

Tinaasan lang siya nito ng kilay. Kahit na gaano

pa kakakaiba ang gamot sa sumpa na sinasabi ng matanda, halatang seryoso ito.

Inayos ng binata ang sarili para makapagtanong pa. “Napakaraming Marciano dito sa bayan. Maaari mo bang sabihin kung sino naman sa mga naggagandahang dalagang Marciano ang kailangan kong pakasalan?”

“Oo naman. Makalipas ang ilang buwan ay ikakasal kayo ni...” Huminto pa ito para mas maging dramatic ang effect, “Señorita Bernice Marciano.”

Nawala ang tawa niya. Maang siyang napatitig kay Nana Dora. Bernice Marciano? Imposible. Sa dose-dosenang Marciano, ang babaeng iyon na yata ang pinakaagresibo sa paniniwala ng away ng mga ninuno nila.

Independent at unconventional, hindi sinusunod ni Bernice ang nakagawian sa bayan nila sa pamamagitan ng pagtanggong mag-asawa. Bukod doon, nagtayo ito ng negosyong electrical repair shop—isang trabahong hindi pambabae, ayon sa mga taga-Sta. Monica.

At dahil hindi naman nakikihalubilo ang mga Marciano sa mga Borromeo, hindi pa niya personal na nakikilala ang dalaga. Pero dahil maliit lang ang

bayan nila, alam niya halos ang lahat tungkol sa dalaga.

Nang mamatay ang ama nitong si Antonio Marciano, namana nito ang *Sta. Monica Plantation House*, isang property na matagal na niyang gustong mabili. Ilang beses na rin siyang nag-alok kay Bernice pero matigas ang ulo nito at ayaw magbenta.

Sa nakalipas na isandaang taon, halos napapaligiran na ang plantasyon ng lupain ng mga Borromeo. Kung tutuusin ay wala nang silbi ang plantasyon na iyon sa mga Marciano. Pero kagaya ng mga nauna nang nagmay-ari, lahat sila ay tumangging ipagbili iyon.

“Ano sa palagay mo, Señor Fernan?” tanong ni Nana Dora.

“Kailangan mo sigurong kumonsulta ulit, Nana Dora. Hindi ko pakakasalan ang babaeng ’yon. Kahit na magkaketong pa ako at siya na lang ang tanging gamot, hindi pa rin.”

“Mabisang gamot ang pag-ibig.”

“Pag-ibig?” May halong pait ang boses niya. “Sinisiguro ko sa inyo na walang pag-ibig sa pagitan namin ni Bernice Marciano. Kahapon nga lang tumawid pa siya ng kabilang kalsada para lang ’wag

kaming magkasalubong.” Naiinis siya sa ikinikilos ng dalaga dahil alam niyang wala siyang direktang ginawa rito para maging ganoon ang pakitungo nito sa kanya.

“Sus! Wala lang ’yon,” sagot ng matanda.

“Kung sakali man na yayain ko nga ang babaeng ’yon ng kasal—na hindi ko naman gagawin—malamang na makipagduelo pa sa ’kin ’yon bago siya pumayag.”

“Maaaring nirerespeto lang niya ang mga ninuno niya kung gan’un man. Magbabago rin ’yon. Halos lahat ng mga Marciano ay maagang nag-aasawa. Kailangan na niyang magpakasal.”

“Hindi sa akin.” Hinalukay niya ang malamig nang pagkain. Isipin pa lang na kailangan niyang pakasalan si Bernice ay naninindig na ang balahibo niya.

“Nag-aalala ang mga kamag-anak niya na baka tumanda siyang dalaga.”

“Malamang dahil walang binata sa bayan na ito ang makakatagal sa ugali niya.”

Nangiti na lang si Nana Dora. “Sa palagay ko, wala namang pakialam ang pamilya niya kung sino

ang magiging asawa niya basta lang meron.”

“Kung sino man siya, nakikiramay ako.”

“Kailangan mo siyang pakasalan, Señor Fernan,” pamimilit ng matanda. “Para mawala ang sumpa.”

“Mas okay na ang sumpa. Isa pa, galit sa ’kin ang babaeng ’yon.”

Nagkibit-balikat ang matanda. “Maaaring ngayon, oo. Pero hindi ka pa naman niya nakikilala nang lubusan. Magandang lalaki ka at maginoo. Mababago mo pa ang isip niya, kung susubukan mo.”

“Delikado ’yon.” Kung gaano kaganda si Bernice, ganoon din katigas ang ulo nito. Kahit hindi pa nito nakakausap man lang si Fernan, kaaway na ang turing nito sa kanya dahil lang sa isang pinaghihinalang pagkakamali na nagawa ng ninuno niya sa ninuno nito.

“Ikaw ang unang Borromeo na handang kalimutan na ang alitan,” paalala ng kausap. “Mayroon din namang ilang Marciano na handa na ring makipag-ayos, di ba?”

“May ilan.” Suko na siya. “Pero hindi kasali si Bernice sa ilan na ’yon. At sino naman ang nagsabing gusto ko ang babaeng ’yon? Mayabang, napakatigas

ng ulo at napakasama ng ugali. Anong klaseng asawa 'yon kung saka-sakali?"

"Wag kang mag-alala. Bibigyan ko siya ng gayuma 'tapos—"

"Hindi. Hindi mo gagawin 'yan." Pinilit niyang maging kalmado. "Wag ka nang manghimasok, Nana Dora."

"Pero mapuputol na ang angkan ninyo sa iyo at nangako ako sa mama mo bago siya mamatay na aalagaan kita."

"At 'yon naman ang ginawa n'yo nang halos magta-tatlumpung taon na. Malaki na po ako at kaya ko nang alagaan ang sarili ko."

Pero ayaw pa ring tumigil ni Nana Dora. "Pero kilala kita, Hijo. Hindi ka magiging masaya kung hindi ka magkakaroon ng asawa at mga anak."

"Makakaraos rin ako kahit papaano." Hindi siya naniniwala sa kulam at mahika, pero para makasiguro, sinabihan na rin niya si Nana Dora. "Wala kayong bibigyan ng anumang klaseng gayuma. Maipapangako n'yo ba 'yan sa akin?"

Itinaas nito ang tingin. "Sinabi mo."

At para malinaw ang lahat, inulit niya ang

tanong. “Walang gayuma?”

“Walang gayuma.”

“Mabuti naman at nagkakaintindihan na tayo.”

“Pero kapag dumating si Señorita Bernice sa inyo, puwede bang pakitunguhan n’yo siya?”

“Hindi!” Gusto na sana niyang sabihin na sinubukan na niya na pakitunguhan ang dalaga pero hindi man lang siya pinansin nito. Nangibabaw na lang ang pride niya. “Hindi siya maliligaw dito sa *Villa Borromeo*. Iniiwasan niya ito na para bang may sakit ang mga tao dito.”

Ngumiti lang ang matanda. “Darating siya. Alam ko, darating siya.”

“Ano na naman ang ginawa n’yo?” suspetsosong tanong niya.

“Wala akong ginagawa,” tanggi nito. “Pero interesado ka ba sa kanya?”

Bernice Marciano. Iniisip pa lang niya ang dalaga, napapangiti na siya. Kahit na matigas ang ulo nito, di maitatanggi na napakaganda rin ng dalaga. Halos limang talampakan at dalawang pulgada lang yata ang taas nito, pero maganda ang hubog at kurba ng katawan. Ang lampas balik at buhok

nito ay kakulay ng kanyang mga mata. Deep dark brown. Nakakaintriga ang babaeng iyon. Iyon at ang katotohanang ni halos hindi siya tapunan ng tingin man lang ng dalaga, ang mas nakapagpa-init ng ulo ng binata.

“Oo,” pag-amin niya. “Kaawaan ako ng Diyos pero interesado ako.”

2

Nakatayo si Bernice sa gitna ng kusina ng kanyang Tiya Olivia habang hawak-hawak ang isang piraso ng papel na para bang nakasalalay ang buhay niya rito. “Ito na ‘yon, Tiyang. Itong papel na ito na ang sagot sa lahat ng dasal at panalangin natin.”

Tiningnan siya ng kanyang Tiya Olivia mula sa kinatatayuan nito. “Isang piraso ng papel lang ‘yan, Hija. Baka naging sagot pa ‘yan sa dasal ko kung sertipiko ng kasal mo iyan.”

Tumango ang pinsan nitong si Bea. “Kawawa ka naman, Tiya Olivia, alam ko kung ano ang nararamdaman mo. Magtetreinta na itong anak kong si Miguel pero wala pa ring asawa.”

Hiniwa ni Tiya Olivia ang mga gulay na gagawing pinakbet. “Pero lalaki si Miguel, at puwede siyang maghintay ng kung gaano man katagal bago mag-asawa. Hindi ang mga babae.”

Umupo na lang si Bernice. Mula nang mamatay ang mga magulang niya, si Tiya Olivia at si Tiyo Alberto na ang tumayong magulang niya. Pero parang hindi alam ng mga ito na matanda na siya—beinte-

seis na, at kayang-kaya na niyang alagaan ang sarili. At kaya na rin niyang magdesisyon kung kailan at kung sino ang mapapangasawa niya.

“Iba na po ang panahon ngayon,” sabi niya sa dalawang nakatatandang babae. “Mas marami nang pagpipilian ang mga kababaihan. Hindi na nga kailangang mag-asawa ngayon kung ayaw mo, eh.”

“Kailangan mo sa pamilyang ito,” sagot ni Tiya Olivia na sinang-ayunan naman ng iba pang kamag-anak niya na nasa kusina rin.

Wala nang saysay pa ang makipagdiskusyon. Mas may importante pa siyang bagay na dapat sabihin. “Sa tingin mo ba, Kuya Enrique, magkakaproblema tayo sa paniningil kay Fernando Borrromeo nitong katibayan ng pagkakautang?”

Ang pinsan niyang si Enrique ay isang abogado, ang kaisa-isang abogado sa pamilya nila at sa bayan na iyon.

“Legally speaking, halos wala. Isang matalinong negosyante si Borrromeo at hindi siya basta-basta lang magbabayad ng isang milyong piso nang walang laban.”

“Kung ganoon, dadalhin natin sa korte.” Hindi rin siya sigurado sa suhestyon niyang iyon.

“Natin?” protesta ng Tiyo Cesar niya. “Hindi ako makikisali sa gulong ’yan. Nagtatrabaho ako sa kanya at gan’un din ang mga anak ko.”

“Pero pamilya tayo,” singhal ni Bernice. “Kailangan nating magkaisa.”

“Ang problema sa pamilyang ito, karamihan ay nagtatrabaho sa asukarera ng mga Borromeo,” sambit ni Enrique.

“Kaya nga importanteng maumpisahan na natin ang pagpapaayos ng plantasyon,” paliwanag ni Bernice. “Hindi na natin kailangang dumepende sa mga Borromeo.”

“Hindi naman naging masama ang asukarera sa amin,” paalala ng isa niyang pinsan.

Ayaw man niyang aminin pero totoo iyon. Kung hindi dahil sa asukarera, maraming tao sa bayan nila ang mawawalan ng trabaho. “Pero mga Marciano tayo. Hindi dapat tayo dumedepende sa mga Borromeo.”

“Bakit naman sa palagay mo, eh, magbabayad si Señor Fernan Borromeo?” tanong ng Tiyo Alberto niya.

“Ang katibayan na ito ay ibinigay sa lolo ko sa

talampakan na si Alarcio Marciano na pinirmahan ng lolo sa talampakan ni Fernando na si Theodoro. Pero umalis si Theodoro at napatay sa digmaan bago pa man niya mabayaran ito.” Sa tono niya, parang ugali na talaga ng mga Borromeo ang tumakas sa pagkakautang sa pamamagitan ng pagkamatay.

“Bakit parang wala yatang nakakaalam sa katibayan na ’yan dati?” tanong ni Tiya Bea.

“Hindi ko rin alam,” amin ni Bernice. “Baka hindi lang sinabi ni Lolo Alarcio sa pamilya. O baka naman nakalimutan niya.”

Natawa ang mga kamag-anak niya. “At kailan pa nakalimutan ng isang Marciano ang perang nagkakahalaga ng isang milyon?” biro ni Tiyo Cesar.

“Mayaman pa si Lolo Alarcio noon,” paalala ni Bernice sa tiyuhin. “Nawala lang ang kayamanan niya pagkatapos ng giyera. Baka n’ung namatay siya, masyadong naging abala ang pamilya para halungkatin pa ang mga papeles niya. At nangyari na nga ang alitan nila ni Theodoro Borromeo, ’tapos ang sumpa. Baka nakalimutan ang lahat at ngayon na lang ulit naalala dahil nakita na nga ang papel na ito.”

“An’daming *baka* n’un, ah,” komento ni Tiyo

Alberto.

“Pero ang punto, eh, hindi nabayaran ang pagkakautang. Legal na pag-aari pa rin ’yon ng mga Marciano. Puwede nating magamit ang halagang ’yon para sa plantasyon.”

Hindi makapaniwala si Bernice sa suwerte niya nang makita ang katibayan ng pagkakautang na iyon sa bodega. Matagal na siyang nagkakalkal doon habang pinaplano niya ang gagawin sa plantasyon. Ilang beses na rin niyang dinaanan ang mga papeles na nakatambak doon pero ngayon lang din niya napansin ang papel na iyon. Pakiramdam niya ay itinadhana siya para sa bagong kapalaran.

“Baka sabihin ni Señor Fernando na napakatagal na pangyayari na ’yan at hindi niya kailangang magbayad. Hindi puwedeng ipagsapalaran ang trabaho namin para d’un,” paalala ng isa pa nilang pinsan. “Wala nang ibang matinong puwedeng pasukan dito sa Sta. Monica.”

“Hindi naman na siguro natin kailangang idemanda si Fernan Borromeo.” Obvious na may binabalak na si Tiya Olivia. “Mabuti pa tawagan mo na lang siya, Bernice, ipaliwanag mo ang katibayan na ’yan. Matino namang kausap si Fernan. Gagawin niya kung ano ang tama.”

“Magandang ideya ’yan,” sagot ni Tiyo Cesar na sinang-ayunan naman ng iba.

Pero hindi si Bernice. May duda pa rin sa isip niya. “Hindi kilala ang mga Borromeo dahil sa pagiging tapat nila, ’no! Kung hindi rin dahil sa pandaraya ni Nicolas Borromeo, hindi sana nawala sa atin ang mga lupain natin.”

“Malamang hindi nang gabing ’yon o sa lalaking ’yon.” Ibinaba ni Tiya Olivia ang boses bilang pagrespeto sa matagal nang yumaong kamag-anak. “Alam ng lahat na lasenggero at sugarol si Julian Marciano. Siguro pinagsamantalahan lang ni Nicolas ang kahinaan ni Lolo Julian.”

“Mukha namang nakaganti na si Lolo Julian sa mga Borromeo nang ipakulam niya ang pamilya nila,” dagdag ni Tiyo Alberto. “Sabi ng mga tao, si Fernan Borromeo na raw ang huli sa lahi nila at wala na siyang magiging anak. Nakakalungkot naman ’yun.” Para kay Tiyo Alberto, mas masahol pa sa kamatayan ang walang malaking pamilya gaya ng sa kanila.

“Mabuti pa, bigyan natin ng pagkakataon si Señor Fernan,” ani Tiyo Cesar.

Sumang-ayon ang lahat at dahil si Bernice ang may-ari ng *Sta. Monica Plantation*, siya ang hinirang

na tagapagsalita nila. Napabuntong-hininga siya nang angatin ang telepono.

Ang huling bagay na pinangarap niyang gawin ay ang makipag-areglo kay Fernan para makapag-usap sila nang harapan. Sinubukan pa niyang baguhin ulit ang isip ng mga kapamilya pero nang hindi niya nakumbinsi ang mga ito, tiningnan niya ang telepono at tinawagan ang numero ng binatang Borromeo. Alam niyang talo siya sa boto kaya ginawa na lang niya ang gusto ng pamilya.

Kaya habang nagsisiksikan ang pamilya Marciano sa kusina, tinawagan niya si Fernando Borromeo at pinaliwanag ang tungkol sa katibayan ng pagkakautang. Hindi na nabigla si Bernice nang tapusin kaagad ng lalaki ang pag-uusap nila at sabihin sa kanya na kausapin na lang nito ang abogado niya. Feeling niya, hindi yata puwedeng kausapin ng isang hamak na Marciano lang ang kagalang-galang na si Fernando Borromeo!

Ibinaba niya ang telepono, pero ang pagmamatigas ni Fernan ang nakapagpatibay sa kanyang determinasyon. Nang makaalis na ang mga kamag-anak niya, tumawag ulit ang dalaga. Pero ayon sa katiwala ay ‘may inaasikaso’ raw ang lalaki.

Gan'un pala, ha! sa isip-isip niya. Tingnan natin

kung makapagrason ka pa kapag kaharap mo na ako.

Sabado ang sumunod na araw. Malamang na hindi pupunta si Fernan sa asukarera kaya napagpasyahan ni Bernice na puntahan na lang ito sa ancestral house ng pamilya nito sa *Villa Borromeo*, kahit walang imbitasyon o anumang pasabi. Ang galit niya na kumulo nang buong gabi ay malapit nang sumabog nang makarating siya sa tapat ng bahay nito.

Nang walang sumagot sa mga katok niya, nagtungo siya sa likuran, hindi man lang inisip na hindi na mabuting asal ang ikinikilos niya. Nagkaroon naman ng katuturan ang lakas ng loob niya dahil nakita niya si Fernan sa likod-bahay, sa tabi ng swimming pool.

Binalak niyang ipaalam kaagad ang presensya niya. Pero nang makita niya ang halos hubad na katawan ng binata, parang nakalimutan niya ang ipinunta roon. Biglang nanghina at nag-init ang katawan niya kaya sandali siyang tumayo sa likod ng isang puno para ibalik ang wastong pag-iisip.

Nabahala si Bernice sa kakaibang pakiramdam niya. Ipaliwanag niya sa sarili na hindi niya ugali ang manilip pero kailangan niyang sukatin ang kanyang

kalaban.

At sinukat nga niya! Si Fernando Borromeo na siguro ang pinakamatipunong lalaki sa Sta. Monica. Pero kung totoo man ang mga haka-haka tungkol sa sumpa, sayang naman ang pagkalalaki ng binatang ito.

Nainis siya sa sarili. Kung kumilos siya ay para bang may gusto siya sa binata na napakaimposible naman. Mortal na kaaway niya ito. At hindi lang dahil sa alitan ng pamilya nila. Mayroon siyang personal na rason para ayawan si Fernando Borromeo.

Mayaman, may pinag-aralan at may-kaya, mula't mula pa ay nakukuha na ng lalaki kung ano ang naisin. Hindi ito napipigil ng kahit na sino, kung gusto nito, kaya nitong abutin.

Sa kanyang opinyon, hindi pa nakontento ang lalaki na malaking bahagi ng kayamanan nito ngayon ay nanggaling sa lupang dati ay pagmamay-ari ng mga Marciano. Gusto pa nitong kunin ang *Sta. Monica Plantation House*. Gaya ng ibang mga gahaman na Borromeo bago ito, ang gusto nitong mangyari ay gibain ang lumang bahay roon, araruhin ang lupa para magtanim pa ng mas maraming sugarcane.

Over her dead body. May sarili siyang plano para

sa bahay na iyon. Hindi mapupunta kay Fernando Borromeo ang bahay hanggang siya pa ang may-ari nito. Pangarap niyang i-restore ang mansion doon, buksan ito para sa publiko at gawin itong sentro ng arts and culture ng bayan nila.

Bumalik ang tingin niya sa binata. Nakaunat ito sa isang upuan habang sinasalo ang init ng araw. Naantig siya sa posisyon nito, naging mas aristokratiko ang hitsura ng lalaki. At kung hindi pa ito nabiyayaan na ng sobra, kitang-kita rin ang kakisigan at sex appeal nito.

Nang mapansin niyang nagagalit siya sa binata dahil sa pagiging magandang lalaki nito, binalaan niya ang sarili. Hindi niya ugali ang humanga dahil lang sa magandang pisikal na anyo. At lalo na kung ang nagmamay-ari noon ay isang Borromeo.

“Sabi nila, kahalintulad daw si Señor Fernan ng mga diyos sa Griyego pero mas mukha siyang matapang na mandirigma gaya ng kanyang mga ninuno.”

Lumignon si Bernice at nagulat nang makita si Nana Dora, ang katiwala ni Fernando, na nakatayo sa likuran niya.

“Hindi ako trespasser,” nagmamadaling

paliwanag niya. “Pumunta ako dito para kausapin si Mr. Borromeo tungkol sa ilang importanteng bagay.”

Itinaas ni Nana Dora ang mga kamay nito. “Alam ko ’yon. Isang malakas na mahika ang naglalapit sa dalawang nag-iibigan.” Ngumiti ito. “Kahit ang lola ko ay may kapangyarihan. Hindi sana napahamak si Señor Nicolas kung hindi ito naging gahaman sa sigarilyo. Isinama ng iyong kalolo-lolohan sa sigarilyo ang titulo ng mga lupain. Hindi napigil ni Nicolas ang sariling hindi tikman ito, kahit na binalaan na siya ng lola ko. Kahit sino ay alam na mapapasama tayo kung isusubo natin ang isang bagay na bigay ng kaaway natin.”

Ilang segundo ang lumipas bago muling nakapagsalita ang dalaga. “Mukhang marami kayong alam tungkol sa lumang kuwento.”

“Hindi ito kuwento, ito’y katotohanan. Isinalaysay ito sa akin ng lola ko at ng nanay ko nang maraming ulit. Alam kong darating ang araw na matatanggal ko rin ang sumpa.”

Hindi sigurado si Bernice kung naniniwala siya sa kulam pero lumayo pa rin siya kay Nana Dora. “Gan’un ba?”

“Totoo. Nagtatrabaho ang lola ko kay Señora

Borromeo at nakatakda na siyang magpakasal kay Baltasar. Si Baltasar ang mangkukulam na kinuha ng Lolo Julian mo para isumpa ang mga Borromeo. Ang sabi ng lola ko hindi niya pakakasalan si Baltasar kapag kinulam niya si Señor Nicolas. Bayad na si Baltasar noon nang subukang siyang pigilan ng Lola. Pero inayos naman ni Baltasar ang lahat.”

“Talaga? Paano?”

“Nilimitahan niya ang sumpa.” Pinaliwanag ni Nana Dora ang age limit. Pero hindi nito sinabi kung paano matitigil ang sumpa.

Habang nirerehistro pa ni Bernice ang mga impormasyong nakalap, kinuha ni Nana Dora ang kamay niya at hinila papunta sa pool. “Señor Fernan!” sigaw nito. “Dumating na ang bisita ninyo.”

Tumayo si Fernan. Wala siyang inaasahang bisita. Nang malaman niyang si Bernice ang naroon, nagulat siya. Akala niya nilinaw na niya rito na wala siyang interes na kausapin ito. Ilang taon din siyang iniwasan ng dalaga, at ngayon ay nandito lamang dahil may kailangan sa kanya. Makikita nito.

Napilitan siyang iunat ang kamay para makipagkamay habang papalapit si Bernice. Maski

siya ay naguguluhan kung paanong nalaman ni Nana Dora na darating ang dalaga.

“Isa itong sorpresa, Binibining Marciano.” Nakita ni Nana Dora sa mga mata ni Fernan na kabaligtaran ng katotohanan ang sinasabi ng binata.

Napilitan si Bernice na makipagkamay. Nakamaong na pantalon ang dalaga at nakasuot ng simpleng puting t-shirt pero hindi naikaila niyon ang magandang hubog ng katawan nito.

“Hindi ako nagpunta dito para makipagsosyalan, Borromeo.” Gusto nito na maging malinaw iyon.

“Alam ko. Maupo ka.” Itinuro niya ang isang mesa na malapit sa ilalim ng isang puno at binigyan ito ng upuan.

“Kukuha lang ako ng malamig na maiinom,” paalam ni Nana Dora.

Habang hinihila ni Fernan ang upuan para kay Bernice, bahagya nitong naamoy ang bango ng binata. Sinabi nito sa sarili na dahil lamang sa init ng panahon kaya parang bigla na lang itong nakaramdam ng init at pinagpawisan nang malagkit. Isinabit ng lalaki ang tuwalya sa leeg, pero sa opinyon ni Bernice ay hindi pa husto ang balot na iyon.

Iniunat ni Fernan ang mga paa nang makaupo na siya. “So, dala mo ba?”

Itinaas ng babae ang tingin patungo sa mga mata niya. “Dala ko ba ang alin?”

“Ang katibayan ng pagkakautang. I assume na ’yon ang dahilan ng pagpunta mo dito nang walang pasabi at hindi inaasahan.” Hindi man lang niya sinubukang ikubli ang pagkilatis sa dalaga. Tinitigan niya ito mula ulo hanggang paa.

Namula si Bernice. Nainsulto at na-excite ito habang tinitingnan ng kaharap. Muli silang nagkatitigan at pakiramdam nito ay kumapal ang hangin at napuno ng tensyon. Muling bumalik ang galit nito sa binata.

Paano ako makakapag-concentrate sa misyon ko kung halos hubad na siya sa harapan ko? ngitngit nito.

“Mr. Borrromeo—”

“Tawagin mo na lang akong ‘Fernan,’” halos utos niya.

Nainis ang dalaga sa sarili. Hindi ito basta-basta nai-intimidate, pero mukhang nagawa iyon ni Fernan sa ilang sandali nilang pagkakausap. Pinapormal nito ang tono ng boses.

“Very well, Fernan. Maaari bang magbihis ka naman?”

Ngumiti siya sa unang pagkakataon mula nang mag-usap sila.

“Of course. Kung naiilang ka sa katawan ko.” Tumayo siya upang pumasok ng bahay nang biglang nakaramdam nang hindi maipaliwanag na pagnanasang patagalin pa ang pagbisita ng babae.

Sa hindi malamang dahilan, natagpuan niya ang sariling nililingon ang magandang bisita. “Naghanda si Nana Dora ng hapunan. Bakit di mo ako saluhan?”

“Salamat, pero may mga plano na ako.”

“Sayang naman.” Dahil nasanay na na nakukuha ang gusto, nairita siya sa pagtangga nito. Pero sanay rin siyang gumamit ng manipulasyon para makuha ang gusto niya. “Medyo gabi na rin kasi at hindi ko naman inaasahan ang pagdating mo, mas makakabuti siguro kung bumalik ka na lang ulit sa ibang araw,” aniya.

Napangiwi ang dalaga. Ayaw na nitong muling makipagkita kay Fernan. Kahit kailan. Ang gusto lang nito ay matapos na nila ang usapan nang gabing iyon din.

“Sige, babaguhin ko na lang ang plano ko. Maaari ba akong makigamit ng telepono?” May date ito sa isang binatang inirereto ng isang tiyahin nito. Iniisip ng dalaga na wala naman sigurong mawawala kung kanselahin nito iyon.

“Of course. Si Nana Dora muna ang bahala sa ’yo habang naliligo ako at nagbibihis.”

Inisip ni Bernice ang gagawing strategy sa pagbabanggit tungkol sa utang habang sinusundan ng tingin si Fernan. Pero wala siyang maisip dahil maya’t maya ay napupunta ang paningin niya sa katawan ng binata. Ito na yata ang nagmamay-ari ng pinakaseksing butt na nakita niya.

At saan naman galing yon? anang isip niya. Hindi kanya ang opinyon na iyon. Pero ilang sandali pa habang tinitingnan niya ang katawan ng binata, parang nainis siya sa ninuno niya dahil sa sumpang ginawa nito kay Fernando Borromeo. Sayang naman ang pagkalalaki nito!

3

Inihanda ni Nana Dora ang hapunan nila sa hardin. Nasanay na kasi ang alaga nito na roon kumain kung hindi rin lang pormal na hapunan ang pagsasaluhan. Mas mabuti na rin doon para mas maging romantiko ang pag-uusap ng dalawa.

Romance was the last thing on Bernice's mind habang kumakain sila. Iniisip pa rin niya kung ano ang pinaka-epektibong paraan para maniwala si Fernan na kailangan nitong magbayad sa mga Marciano.

“Fernan, tungkol d'un sa katibayan ng pagkakautang—”

“Señorita Bernice, if you don't mind, I don't like discussing business over dinner,” putol nito sa sinasabi niya.

“Well, if that is the case, I'll just shut up,” sagot niya na parang batang napagalitan.

Tahimik silang kumain. Ang nakapagpairita lalo kay Bernice ay ang maya't mayang pagbabangga ng kanilang mga tuhod sa ilalim ng mesa. Naiilang siya sa tuwing madidikit ang balat niya sa binata. Hindi naman na siguro aksidente lang na halos walong

beses na nabangga nito ang tuhod niya. Kung ang gustong mangyari ni Fernando Borromeo ay mailang siya, walang dudang nagtatagumpay ito.

“Hindi ba dito nakatira si Nana Dora?” Nagpaalam na ang matanda matapos maghain. Ibinilin na lang nito na ilagay ang pinagkainan sa lababo at ito na raw ang bahala roon bukas.

“May sarili siyang kuwarta sa bahay pero mas gusto niya ang tumira sa tabing-ilog. Mas may privacy siyang gawin ang magic niya.”

“Oh.”

“Gusto mo ba ng dessert? Nagluto si Nana Dora ng halayang ube, specialty niya ’yon.” Inumpisahan na ng binata ang pagsasalansan ng pinagkainan nila.

“Busog na ’ko. Uuwi na lang siguro ako. Masakit na rin ang ulo ko, eh.” Ang totoo, hindi na niya kayang magtagal pa sa lugar na iyon. Naaasiwa siya sa mga tingin ni Fernan sa kanya.

“May herbal tea si Nana Dora na dagling makakapagtanggal ng sakit ng ulo mo. Kukunin ko lang.” Tumayo na ito para ipasok ang mga pinggan at kunin na rin ang tsaa.

“Wag na.” Hinawakan niya ang isang braso ng

binata para pigilan ito. Pero siya ang natigilan. Para siyang napaso nang lumapat ang palad niya sa balat ng binata kaya kaagad niyang binitawan ito. Biglang kumapal ang hangin nang nagkatitigan sila.

Tiningnan nito ang kamay niyang galing sa braso nito. Nakatikom ang mga iyon na para bang pinipigilan ang sarili na muling itong hawakan.

“Uuwi na lang ako. Pahinga siguro ang kailangan ko.” Tumayo na siya at aktong aalis nang hawakan ni Fernan ang kamay niya.

“Huwag ka munang umalis,” mahinang sabi nito.

“Pero...” Hinila niya ang kamay pero mahigpit ang pagkakahawak ng binata rito.

“Hindi pa natin napag-uusapan ang tungkol sa katibayan ng pagkakautang.” Binitawan nito ang dalaga. Biglang naging pormal ang boses nito.

Namula si Bernice sa pagkapahiya sa sarili. Ano ba ang iniisip niya? Wala naman na sigurong ibang dahilan si Fernan para pigilan siya sa pag-alis sa mansion nito. Gusto lang din siguro nito na matapos na ang pag-uusap nila tungkol sa utang para hindi na muli pang magkrus ang landas nila. Nainis din siya sa sarili dahil nakalimutan niya ang dahilan ng kanyang pagbisita. Nawala sa isip niya dahil masyado siyang

na-distract ng mga tingin at pagbangga-bangga ni Fernan sa tuhod niya.

“Oo nga pala. Ito ang katibayan.” Inilabas niya ang papel. Iniwasan nito na magkadikit ang mga daliri nila.

“Kailangan ko munang ipa-validate at ipa-authenticate ito,” sabi ni Fernan matapos suriin ang papel.

“Well, then go ahead. Pero paano mo naman magagawa 'yon?” Mukhang hindi nga magiging madali ang pakikipagnegosasyon sa binata.

“Maraming papeles na pinirmahan ang lolo ko noon na nakatambak na ngayon sa store room. Pero mahigit isandaang taon na mga papeles ang mga naroon.”

“Tawagan mo na lang ako pag nakahanap ka na ng katulad niyan, okay?” buong pag-asang sabi niya.

Umiling lang ito. “Masyado akong abala ngayon. Mahalaga ang oras ko. Sa tingin mo ba, mag-aaksaya ako ng panahon sa paghahanap niyan for your benefit?”

“Yan ba ang paraan mo ng pamba-blackmail sa akin para tulungan ka?”

“Hindi ko gusto ang ideya ng pagkakalkal sa bodega, kasama ka man o hindi.” Pero naisip nitong magandang ideya iyon para makasama pa nito nang matagal ang dalaga.

Tiningnan muli nito ang papel. “Gusto ko lang malaman kung ano sa tingin mo ang mapapala mo sa pag-iimbento nitong katibayan ng pagkakautang na ito.”

“Imbento? Akala mo gawa-gawa ko lang iyan?” Hindi niya naisip na maaaring pagdudahan ng lalaking ito ang katibayan.

“Naisip ko lang. Kung tutuusin, wala naman talagang nakakaalam ng bagay na ’to na bigla na lang susulpot sa oras na kailangang-kailangan mo. Nagkataon lang ba ’yon?”

“Hindi ’yan nagkataon lang. Para lang ’yang mga bituin sa langit na hindi pa nadi-discover. Kagaya ng katibayan na ’yan, nand’un lang ’yan, naghihintay ng makakakita at makaka-discover sa kanila.”

Tumayo na ito para ihatid ang dalaga sa pinto. “Well, too bad, hindi tayo nagkasundo.”

“May laban daw ako sabi ng abogado ko. At kung hindi ka makikipag-cooperate, idedemanda kita.”

“Kung ’yan ang gusto mo. Kakailanganin ko na palang tawagin ang mga abogado ko sa San Ignacio at malamang sabihin nila na hindi ko kailangang tumulong sa iyo. After all, mukhang ang burden of proof ay nasa inyo. Bakit ako makikipag-cooperate?”

“Dahil kung hindi, idedemanda nga kita.”

“Fine. Kakailanganin mong komunsulta sa mga mahal na abogado para diyan. ’Tapos tatawag lang din ng mga eksperto ang mga abogado ko at ide-delay nila ang bayaran hanggang sa magunaw ang mundo.”

Umirap lang siya. Walang laban si Enrique sa mga abogado ni Fernan na galing ng San Ignacio. “Panalo ka ngayon,” may bantang sabi niya.

Mga salitang ikinatuwa ni Fernan dahil nagbigay ito ng impresyon na hindi pa sila roon natatapos. Si Bernice ang tipo ng babaeng hindi basta-basta sumusuko. “Handa ka na bang magbigay ng konting effort para matapos na ang gulong ito?”

“Kahit ano.” Binago niya kaagad ang sinabi nang makita ang ngiti ng binata. “Halos kahit ano.” Hindi niya inaasam ang sandaling mapag-isa silang dalawa sa bodega. Pero kung iyon ang kailangan para habang-buhay na na mawala ang binata sa landas niya, okay lang.

“Buti at nagkaintindihan tayo,” sarkastikong sagot nito.

“Alam kong mayroon kang binabalak na masama kaya gusto mo akong bumalik dito sa mansion na ito, Borrromeo.”

“Tawagin mo na lang akong ‘Fernan.’” Hindi man lang nito pinabulaanan ang bintang niya.

“Sa tingin ko may binabalak ka talaga.”

Ngumiti ito ng ngiting malungkot at misteryoso na bumaon sa puso ni Bernice. “Ano pa ba ang inaasahan mo sa isang Borrromeo?”

“Fernan, alam—”

“Good night, Bernice,” sabat nito. “I’ll see you tomorrow night.”